



Santa Clara County
**PUBLIC
HEALTH**

MANDATORYA NG DIREKTIBA:



LIMITASYON SA KAPASIDAD

Inilabas: Nobyembre 15, 2020

sccgov.org/coronavirus

Huling Binago at Epektibo: Marso 24, 2021

County ng Santa Clara

Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan

Opisyal ng Pangkalusugan
976 Lenzen Avenue, 2nd Floor
San José, CA 95126
408.792.5040



MAHIGPIT NA IPINAPATUPAD NA DIREKTIBA SA MGA LIMITASYON SA KAPASIDAD

Mangyaring kumpirmahin na ang inyong pasilidad ay makapagbukas sa ilalim ng Kautusan ng Estado. Kung may pagkakaiba sa pagitan ng lokal na Kautusan ng County at ng Kautusan ng Estado, dapat na sundin ang mas mahigpit na kautusan. Mayroon din ang Estado ng partikular na patnubay para sa ilang mga pasilidad na dapat sundin bilang karagdagan sa mahigpit na ipinapatupad na direktibang ito .

Ang impormasyon tungkol sa Kautusan ng Estado at patnubay ng Estado ay makikita sa covid19.ca.gov.

**Inilabas: Nobyembre 15, 2020
Huling Binago at Epektibo: Marso 24, 2021**

Ang lahat ng mga negosyo, na tinukoy ang kahulugan sa Binagong Kautusan ng Pagbabawas ng Panganib ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County na inilabas noong Oktubre 5, 2020 (“Binagong Kautusan ng Pagbabawas ng Panganib”), kabilang ang anumang for-profit, non-profit, o pang-edukasyon na entidad, ay dapat sumunod sa mga mahigpit na kinakailangan sa Direktibang ito at sa anumang iba pang naaangkop na Direktiba ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County, sa Binagong Kautusan ng Pagbabawas ng Panganib, sa mga naaangkop na paghihigpit sa ilalim ng Kautusan at Plano ng Estado, sa mga dokumento ng Patnubay sa Industriya sa COVID-19 ng Estado, at sa anumang naaangkop na mga regulasyon sa kalusugan at sa kaligtasan. Kung may pagkakaiba sa pagitan ng mga panuntunang ito, dapat sundin ang pinakamahigpit na panuntunan .

Mahigpit na Ipinapatupad na Direktiba sa mga Limitasyon sa Kapasidad (Inilabas ang Kautusan Oktubre 5, 2020)

Pahina 1 ng 5

Lupon ng mga Superbisor: Mike Wasserman, Cindy Chavez, Otto Lee, Susan Ellenberg, S. Joseph Simitian
Ehekutibo ng County: Jeffrey V. Smith

Ang Plano ng Estado para sa Mas Ligtas na Ekonomiya ("Plano") ay nagpapataw ng mga limitasyon sa kapasidad sa maraming mga industriya, na hinihiling sa kanila na limitahan ang bilang ng mga tao sa loob ng kanilang mga pasilidad sa porsyento ng kanilang normal na pinakamataas na kapasidad. Upang magbigay ng kalinawan tungkol sa mga limitasyon sa kapasidad at upang makatulong sa pagpapatupad ng mga kinakailangan ng Estado, ang Direktibang ito ay nagtataguyod ng mga panuntunan para sa paglalapat at pagkalkula ng mga limitasyon sa kapasidad at para sa pag-post ng mga palatandaan na nauugnay sa kapasidad.

Ang Direktibang ito ay mahigpit na ipinapatupad, at ang kabiguan na masunod ito ay paglabag sa Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan na inilabas noong Oktubre 5, 2020 ("Kautusan").

//

//

Mga Kinakailangan sa Limitasyon sa Kapasidad

1. *Siguraduhin Ang Pagdistansya ng Anim na Talampakan*
 - a. Maliban sa itinakda sa patnubay ng Estado, dapat tiyakin ng lahat ng mga negosyo na ang lahat na nasa loob ng kanilang mga pasilidad ay madaling makapagpanatili nang hindi bababa sa 6 na talampakang distansya mula sa lahat na wala sa kanilang sambahayan.
2. *Tukuyin ang Baseline Maximum Occupancy*
 - a. Dapat matukoy ng lahat ng mga negosyo ang Baseline Maximum Occupancy para sa bawat silid/lugar sa kanilang pasilidad na hindi nakakatugon sa kahulugan ng isang panlabas na espasyo ng Opisyal ng Pamublikong Pangkalusugan ng Estado, available [dito](#).
 - i. Tandaan: Ang Baseline Maximum Occupancy ay kumakatawan sa pinakamataas na bilang ng mga taong pinapayagan sa isang silid/lugar *bago* pa inilalapat ang anumang mga limitasyon sa kapasidad ng Plano. Kung ang negosyo ay napapailalim sa isang limitasyon sa kapasidad ng Plano, ang tunay na bilang ng mga tao na pinapayagan sa silid/lugar ay *mas mababa* kaysa sa Baseline Maximum Occupancy.
 - b. Upang matukoy ang Baseline Maximum Occupancy:
 - i. Kung ang Fire Marshal ay nagtukoy ng isang normal na maximum occupancy para sa isang silid/lugar, ang bilang na iyon ay ang Baseline Maximum Occupancy para sa silid/lugar.

- ii. Kung ang Fire Marshal ay hindi nagtukoy ng isang normal na maximum occupancy para sa isang silid/lugar, dapat kalkulahin ng negosyo ang Baseline Maximum Occupancy ng silid/lugar gamit ang isang proporsyon ng 1 tao bawat 75 na kabuuang kwadrang talampakan ng espasyo na bukas sa publiko.
 - c. Ang mga negosyo ay dapat na magpanatili ng isang nakasulat na rekord ng Baseline Maximum Occupancy para sa bawat panloob na silid/lugar. Dapat agad na ibigay ng mga negosyo ang nakasulat na rekord na ito sa isang Opisyal ng Pagpapatupad kapag hiniling.
 - d. Dapat sundin ng mga negosyo ang anumang mga karagdagang tagubilin sa pagkalkula ng Baseline Maximum Occupancy na nakalista sa www.sccgov.org/covidcapacity.
3. *Sundin ang Lahat ng Naaangkop na Mga Limitasyon sa Kapasidad ng Plano ng Estado*
- a. Ang lahat ng mga negosyo ay dapat sumunod sa anumang naaangkop na mga limitasyon sa kapasidad na ipinataw ng [Plano para sa Mas Ligtas na Ekonomiya](#) ng Estado. Kung mahigit sa isang limitasyon sa kapasidad sa Plano ang nalalapat sa isang partikular na pasilidad ng negosyo, dapat sundin ang pinakamahigpit na limitasyon sa kapasidad.
 - b. Kung ang isang negosyo ay hindi napapailalim sa anumang mga limitasyon sa kapasidad ng Plano, dapat pa ring tiyakin nito na walang silid/lugar sa pasilidad ng negosyo ang lumalampas sa Baseline Maximum Occupancy.
4. *Naaangkop na Mga Limitasyon sa Kapasidad ng Plano*
- a. Nalalapat ang mga limitasyon sa kapasidad ng Plano sa bawat panloob na silid o lugar sa isang pasilidad na binibisita ng mga miyembro ng publiko upang makisali sa mga aktibidad na napapailalim sa mga panuntunan sa COVID-19 ng Estado (hindi kabilang, halimbawa, mga pasilyo, hagdanan, at banyo). Ang mga silid o lugar na napapailalim sa mga limitasyon sa kapasidad sa Plano ay itinuturing na "mga silid/lugar na may limitadong kapasidad."
 - b. Ang mga limitasyon sa kapasidad ng Plano ay nalalapat batay sa bawat silid o lugar, hindi batay sa buong pasilidad. Ang negosyo ay dapat tumiyak na ang bawat partikular na Nabawasang Pinakamataas na Kapasidad ng silid/lugar na may limitadong kapasidad ay hindi nalalampasan.
 - i. **Halimbawa:** Ang isang negosyo ay napapailalim sa isang limitasyon sa kapasidad sa ilalim ng Plano ng Estado. Ang pasilidad ng negosyo ay may

dalawang silid, ang Silid A at ang Silid B. Ang Silid A ay may Nabawasang Pinakamataas na Kapasidad na 25, at ang Silid B ay may Nabawasang Pinakamataas na Kapasidad na 10. Dapat sundin ng negosyo ang Nabawasang Pinakamataas na Kapasidad para sa *bawat silid na magkahiwalay* at maaaring hindi payagan ang mahigit sa 25 mga tao sa Silid A o mahigit sa 10 mga tao sa Silid B, kahit na hindi nalampasan ang kabuuang kapasidad ng negosyo na 35.

- c. Itinatakda ng Nabawasang Pinakamataas na Kapasidad ng isang silid/lugar ang pinakamataas na bilang ng *mga tao*, kabilang ang parehong mga miyembro ng publiko at tauhan, na maaaring naroroon sa silid/lugar na iyon nang sabay-sabay.

5. *Pagkalkula ng Nabawasang Pinakamataas na Kapasidad*

- a. Ang lahat ng mga negosyo ay dapat magkalkula ng Nabawasang Pinakamataas na Kapasidad para sa bawat panloob na silid/lugar na may limitadong kapasidad sa pasilidad na iyon.
- b. Para makalkula ang Nabawasang Pinakamataas na Kapasidad para sa mga silid/lugar na may limitadong kapasidad, dapat ilapat ng mga negosyo ang naaangkop na limitasyon sa kapasidad ng Plano (halimbawa, 25%) sa Baseline Maximum Occupancy ng silid/lugar.
- c. Dapat sundin ng mga negosyo ang anumang mga karagdagang tagubilin sa pagkalkula ng Nabawasang Pinakamataas na Kapasidad na nakalista sa www.sccgov.org/covidcapacity.

//

6. *Palatandaan ng Nabawasang Pinakamataas na Kapasidad*

- a. Ang mga palatandaan ng Nabawasang Pinakamataas na Kapasidad ay dapat maipaskil sa bawat silid/lugar na may limitadong kapasidad na napapailalim sa limitasyon sa kapasidad ng Plano.
- b. Ang bawat palatandaan ay dapat na malinaw na nagsasabi ng pinakamataas na bilang ng mga tao na maaaring nasa loob ng partikular na silid/lugar na iyon na may limitadong kapasidad na magkasabay sa ilalim ng mga kasalukuyang limitasyon sa kapasidad ng Plano. Magagamit ang template ng palatandaan ng Nabawasang Pinakamataas na Kapasidad [dito](#).

- c. Ang bawat silid/lugar na may limitadong kapasidad ay dapat mayroong isang palatandaan ng Nabawang Pinakamataas na Kapasidad na naipaskil sa bawat pasukan. Ang mga palatandaan ay dapat na malinaw na nakikita ng sinumang pumapasok sa silid.
- d. Ang mga palatandaan ng Nabawang Pinakamataas na Kapasidad ay dapat na-update upang maipakita ang anumang mga pagbabago sa pinapayagan na kapasidad.

Manatiling may Kaalaman

Para sa mga tagubilin at mapagkukunan na nauugnay sa mga limitasyon sa kapasidad (kasama ang tulong sa pagkalkula ng mga limitasyon sa kapasidad at pagkumpleto ng palatandaan ng Nabawang Pinakamataas na Kapasidad), mangyaring bisitahin ang www.sccgov.org/covidcapacity. **Mangyaring tandaan na ang Direktibang ito ay maaaring ma-update.** Para sa pinakabagong impormasyon sa Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan, bisitahin ang website ng Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng County sa www.sccgov.org/coronavirus.